

## **Hakbang 1**

Ihain ang FAFSA ng maaga!

Ihain sa pinakamabilis na paraan matapos ang Enero 1. Mga huling araw ng pananalaping tulong ng kolehiyo ay maaring kasing aga ng Pebrero.

Karaniwang mga huling araw:

Peb 15

University of Alaska

Alaska Pacific University

Hunyo 30

Alaska Performance Scholarship

Alaska Education Grant

### **Pro TIP**

H'wag mag-antay matapos mo maihain ang iyong mga buwis! Upang makamit ng maaga ang mga huling araw ng pananalaping tulong, pinakamainam na gumamit ng tinatantyang buwis o impormasyon ng kita. Puwede mong isapanahon ng madali pagkaraan gamit ang pamamaraan ng kilusang pagsasauli ng datos na naisalarawan sa likod ng panluping ito.

## Hakbang 2

Tiyakin Ang Lagay Ng Umaasa

Para mabuo ang FAFSA, kailangan mo ang kita at impormasyon ng pagkilala para sa iyong sarili, iyong asawa kung naaangkop, at iyong mga magulang o mga tagapag-alaga, kung ikaw ay maituturing na isang mag-aaral na umaasa.

Kung ang sagot mo ay “Oo” sa alin mang mga tanong sa talaan sa likod ng tagalupi na ito, ikaw ay maaring maituturing na mag-aaral na nagsasarili at dapat bumisita sa [www.fafsa.ed.gov](http://www.fafsa.ed.gov) para lalong maunawaan. Kung ang isinagot mo ay “Hindi” sa lahat ng mga tanong, ikaw ay isang mag-aaral na umaasa at kinakailangang magbigay ka ng impormasyon ng magulang.

### Pro TIP

Sino ang isang “magulang”? Ang mga mag-aaral na umaasa ay kailangang magbigay ng impormasyon para sa kapanganakan ng magulang, ampong magulang, at magulang na panguman. Kung ang mga magulang mo ay kasal o magkasamang naninirahan, magbigay ng kanilang kapwang impormasyon. Kung ikaw ay naninirahan sa isang magulang, kailangang ibigay mo lamang ang impormasyon ng magulang na madalas kang nakatira. Kung ang magulang na yan ay nag-asawang muli, kailangan mo rin ang kanilang impormasyon ng napangasawa. Maliban kung inampon ka: mga lolo o lola, mga umaampong magulang, mga tagapag-alaga ayon sa batas, mga nakakatandang kapatid na babae o lalaki, at mga tiyuhin o mga tiyahin ay hindi mga magulang at ang kanilang mga impormasyon ay hindi kinakailangang ibigay.

## Hakbang 3

Tipunin ang iyong mga kasulatan

Para sa bawat mag-aaral, magulang at/o asawa sa aplikasyon:

- Mga numero ng sosyal na kaligtasan
- Nakaraang taon na mga balik buwis na kinita (1040, 1040A, 1040EZ)
- Nakaraang taon na Polmularyo ng W-2 at ibang talaan ng kinitang salapi (o ngayong taon, kung mayroon)
- Ngayon taong talaan ng hindi pa nababawasang kinitang buwis (Sosyal na kaligtasan, Pansamantalang Tulong sa Nangangailangang Pamilya, tinanggap na sustentong pang-bata, tubong kinita, o mga talaan ng beteranong benepisiyo)
- Impormasyon sa balanseng kas, naipon, at tsekeng kuwenta

Ang para sa Mag-aaral:

- Lisensiya para sa pagmamaneho (kung kahit ano)
- Tarhetang talaan ng dayuhan (kung hindi mamamayan ng U.S.)

Iba pang mahalagang impormasyon sa kamakailang kinita ay maaring samahan ng:

- Negosyo at impormasyon sa pamumuhunang pagkakasangla
- Mga talaan ng negosyo at sakahan
- Sapi, bono at/o ibang mga talaan ng pamumuhunan

### Pro Tip

Kung ikaw ay isang mag-aaral na nagsasarili at may natatanging kalagayan na humahadlang sa iyo para makapagbigay ng impormasyon ng magulang, maari ka pa ring magbigay ng FAFSA. Gayunman, ang iyong FAFSA ay ipinalalagay na kulang. Kailangan mong makipag-ugnayan sa opisina ng pananalapi ng iyong kolehiyo at bigyan sila ng kasulatan para mapatunayan ang iyong sitwasyon. Para sa karagdagang impormasyon, bumista sa <http://studentaid.ed.gov/fafsa/filling-out/parent-info#unwilling-parents>

## Hakbang 4

Mag-aplay ng PIN

Mga mag-aaral at mga magulang (kung naaangkop) ay kailangan ng Numero ng Pansariling Pagkilala (PIN) para elektronikong pirmahan ang kanilang FAFSA. Mag-aplay ngayon sa [www.fafsa.ed.gov](http://www.fafsa.ed.gov). Ito ay madali at umaabot lamang ng humigit kumulang 5 minuto.

## Hakbang 5

Buuin ang FAFSA na nasa linya sa [www.fafsa.ed.gov](http://www.fafsa.ed.gov)

Kung kailangan mo ng tulong, puntahan ang lokal na pagdiriwang ng iyong College Goal Alaska – mga detalye ay mayroon sa [CollegeGoalAK.org](http://CollegeGoalAK.org).

- Gumamit ng PIN(s) para pumirma at elektronikong ibigay ang FAFSA (o iimprenta, pirmahan at ipadala sa koreo ang pirmadong pahina)
- Iimprenta at itipon ang pinagtibay na pahina
- Itipon ang mga kopya ng lahat ng mga kasulatan na ginamit mo para buuin ang FAFSA- maari mong gamitin ang panluping ito.

### Pro Tip

Laging suriin ang dulo ng pook-sapot –ito ay dapat “.gov” at hindi “.com”! Tandaan, ang unang “F” sa FAFSA ay tumutukoy sa FREE –hindi ka dapat hihingan ng bayad sa paghain ng iyong FAFSA.

## Hakbang 6

Tingnang muli ang iyong Ulat ng Tulong sa Mag-aaral (SAR).

Dapat mong matanggap ang iyong Ulat ng Tulong sa Magaaral (SAR) sa pamamagitan ng sulatroniko. Kung hindi ka nakapagbigay ng balidong adres ng sulatroniko, matatanggap mo ito sa koreo sa loob ng tatlong lingo ng paghain.

- Hanapin ang iyong Inaasahang Kontribusyon ng Pamilya (EFC) sa dakong itaas ng kaliwang sulok ng iyong SAR.
- Tingnang muli ang iyong SAR para sa kaigsaktuhan
- Gumawa ng mga pagwawasto o magbigay ng karagdagang impormasyon (kung naaangkop) sa iyong naiprosesong FAFSA sa pamamagitan ng proseso ng pagsasapanahon na isinalarawan sa likod ng panluping ito
- Ipagbigay-alam sa (mga) paaralan kung isasapanahon mo ang iyong FAFSA ng mga pagbabago/dagdag na impormasyon
- Makipag-ugnayan sa iyong paaralan sa opisina ng pananalaping tulong kung mayroon kang natatanging kalagayan na naghahadlang sa iyo para masapatan ang EFC
- Bigyan ang iyong paaralan ng kinakailangang kasulatan ng iyong mga natatanging kalagayan, kung naaangkop

## Hakbang 7

Tingnan muli ang Iyong mga Sulat ng Gantimpala

Sa madaling panahon matapos matanggap ang iyong SAR, ang (mga) paaralan na nakalista sa iyong FAFSA ay magpapadala ng sulat ng gantimpala; maraming sulat ng gantimpala ngayon ay elektronikong ipinagkakaloob. Mga sulat ng gantimpala ay nagbibigay ng pananalaping tulong ng “gantimpalang pakete”, nagpapaliwanag kung papaano ang mag-aaral magtatakip sa gastos ng pagpasok sa kanilang institusyon. Mga gantimpala ay maaring magsama ng kombinasyon ng mga kaloob, mga libreng aral, trabaho-aral, at mga utang.

- Ihambing ang mga sulat ng gantimpala sa ibat-ibang mga kolehiyo gamit ang Kasangkapan ng Paghahambing sa Sulat ng Gantimpala- [www.finaid.org/calculators](http://www.finaid.org/calculators)
- Kumilos sa bawat sulat ng gantimpala – ipagbigay-alam sa paaralan kung tatanggapin mo ang lahat o bahagi ng balutan ng sulat ng gantimpala, o tatanggihan ito.
- (Mga)Huling Araw ng Tugon: \_\_\_\_\_
- Magpatala sa isang kuwenta ng Alaska Student Aid Portal sa [APS.alaska.gov](http://APS.alaska.gov) para masubaybayan ang iyong karapat-dapat na lagay para sa Alaska Performance Scholarship, kung ikaw ay nagtapos kamakailan sa mataas na paaralan. Dahil ang karapat-dapat na impormasyon ay hindi pa nakahanda hanggang huli ng Hulyo matapos kang makapagtapos mula sa mataas na paaralan, ang iyong panimulang sulat ng gantimpala ay maaring di tumutukoy sa gantimpala ng APS, kahit ikaw ay maging kuwalipikado.

### Pro Tip

Ang ibang mga paaralan ay nangangailangan ng karagdagang isinusulat na gawain, gaya ng mga aplikasyon sa paaralan ng pananalaping tulong o ang Balangkas ng CSS sa Pananalaping Tulong. Gumawa ng tala ng mga huling araw at tiyakin na maibigay sa tamang oras ang lahat ng hininging impormasyon.

## Kung Hiniling

Patunayan ang Iyong Impormasyon

Pagpapatunay ay isang proseso na kung saan ang iyong paaralan ay kinailangang magpatotoo sa datos na naiulat sa iyong FAFSA. Ang mga kolehiyo ay tinatanong para magpatunay sa halos 30% ng lahat ng mga naghahaing-tao. Kapag ang impormasyon ay napagtibay ng iyong paaralan, sila ay magpapatunay o magpapanahon ng mga datos sa Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.

- Magharap ng hininging impormasyon alinsunod sa huling araw ng pagpapatunay: \_\_\_\_\_
- Itago ang mga kopya ng lahat ng mga kasulatan na ginamit sa pagbuo ng iyong FAFSA na gagamitin sa pagpapatunay

## Tiyakin ang iyong Lagay ng Pagkalinga

- Ikaw ba ay 24 taong gulang o mas matanda?
- Ikaw ba ay may-asawa?
- Gagawin mo ba ng iyong programang pangdalubhasa o doktorado ngayong taon?
- Ikaw ba ay kasalukuyang nasa aktibong tungkulin, o isang beterano ng Hukbong Sandatahan ng U.S.?
- Ikaw ba ay may mga anak o may iba pang mga umaasa at naninirahan sa iyo at tumatanggap ng tulong galing sa iyo ng higit sa kalahati?
- Sa anumang oras magmula pa noong ikaw ay nagka-edad 13, kapwang mga magulang ay pumanaw, ikaw ba ay nasa pagpapalaking pangangalaga o ikaw ba ay umaasa o nasa ilalim ng pangangalaga ng hukuman?
- Ikaw ba o ikaw ay isang layang menor o nasa isang legal na pag-iingat? (napagpasiyahan ng hukuman)
- Ikaw ba o ikaw ay walang natutuluyan o sariling sumusuporta at nanganganib na mawalan ng matutuluyan sa loob ng mga nakaraang taon?

Kung ang sagot mo ay “Oo” sa alin mang mga tanong sa itaas, ikaw ay maaring maituturing na mag-aaral na nagsasarili at dapat bumisita sa [www.fafsa.ed.gov](http://www.fafsa.ed.gov) para lalong maunawaan.

Kung ang isinagot mo ay “Hindi” sa lahat ng mga tanong, ikaw ay isang mag-aaral na umaasa at kinakailangang magbigay ka ng impormasyon ng magulang.

## Isapanahon ang Iyong Impormasyon (kung naaangkop)

Maaari mong balikan para isapanahon ang iyong impormasyon anumang oras matapos mo maihain ang FAFSA. Kung pinili mo ang “will file” na opsyon sa iyong FAFSA, nararapat mong isapanahon ang iyong pananalaping impormasyon matapos mong maihain ang iyong balik buwis na kinita. Ang Kasangkapang Pagsasauli ng Datos ng IRS ay ang pinakamahusay na daan para maibalik muli ang igsaktong impormasyon ng buwis, kung elektronikong inihain mo ang iyong mga buwis at ang lagay ng iyong paghain ay pinapahintulutan kang gamitin ito. Impormasyon ng buwis ay puwedeng maibalik muli ng 1-2 na lingo matapos mong maihain.

- Isapanahon ang pananalaping impormasyon gamit ang Kasangkapang Pagsasauli ng Datos ng IRS makaraan ang dalawang lingo ng paghain ng buwis (kung naaangkop)
- Ipagbigay-alam sa (mga) paaralan kung isasapanahon mo ang iyong FAFSA
- Idagdag ang anumang paaralan na hindi mo nailista noong una sa iyong FAFSA, ngunit balak i-aplay o pasukan

Kailangan ng karagdagang tulong? Makipag-ugnayan sa lugar na pinagkunan mo ng panlupi, o tawagan ang APCE Success Center sa 800-441-2962

CollegeGoalAK.org  
800-441-2962 opsyon #4

Mahalagang “.gov” mga pook-sapot:  
[www.fafsa.ed.gov](http://www.fafsa.ed.gov)  
[studentaid.ed.gov](http://studentaid.ed.gov)  
[APS.alaska.gov](http://APS.alaska.gov)  
[acpe.alaska.gov](http://acpe.alaska.gov)